# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG NOBYEMBRE 29, 2021, LUNES, IKA-9:49 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |

OFFICE OF THE SANG... RELEASED NAME DATE 01.03.22 TIME ____ STA. CRUZ, LAG.

22 DEC 2021

**KAPASIYAHAN BLG. 504-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET / PAGLILIPAT BLG. 6 NG BARANGAY POBLACION V, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 84-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 12-T2021 NA MAY KABUUANG HALAGANG P10,000.00 MULA SA LIVELIHOOD ASSISTANCE FOR WOMEN UPANG ILIPAT AT ILAAN PARA SA SEMINAR FOR MOTHERS (PABASA) NA LAHAT AY NASA GENDER AND DEVELOPMENT FUND NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Poblacion V na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 84-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 12-T2021 na may kabuuang halagang P10,000.00 mula sa Livelihood Assistance for Women upang ilipat at ilaan para sa Seminar for Mothers (Pabasa) na lahat ay nasa Gender and Development Fund ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Efren L. Diaz at Kgg. Mark Anthony P. Joven at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet / Paglilipat Blg. 6 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion V, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 84-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 12-T2021 na may kabuuang halagang P10,000.00 mula sa Livelihood Assistance for Women upang ilipat at ilaan para sa Seminar for Mothers (Pabasa) na lahat ay nasa Gender and Development Fund ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Poblacion V, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 29, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. RAMON D. TAN**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
12/17/21